

MGA TRABAHO PARA SA NGAYON AT BUKAS



BUDGET NG ONTARIO SA 2016



LUMALAGO ANG EKONOMIYA NG ONTARIO AT LUMILIKHA NG MGA TRABAHO

Ang aming numero-unong priyoridad ay upang palaguin ang ekonomiya at lumikha ng mga trabaho. Katibayan ito na gumagana ang aming plano:

- Ang paglago ng ekonomiya ng Ontario ay lagpas sa pambansang paglago at inaasahang patuloy na kasama sa pinakamalakas sa Canada sa susunod na dalawang taon.
- Lumikha ang Ontario ng mahigit sa 600,000 trabaho mula noong recession noong 2009 at pinapanukalang lumikha ng mahigit sa 300,000 karagdagang trabaho sa pagtatapos ng 2019, dinadala ang kabuuang paglikha ng trabaho sa mahigit sa 900,000 netong bagong trabaho sa paglipas ng 10-taong panahon.

Sa 2015–16, ang forecast sa kakulangan ay \$5.7 bilyon, na \$2.8 bilyong mas mababa sa inaasahan sa *2015 Budget*. Inaasahan ng pamahalaan ang kakulangang \$4.3 bilyon sa 2016–17.

Babalansihin ng Ontario ang budget sa 2017–18, habang patuloy na gagawa ng mga pamumuhunang magpapalakas sa ekonomikong paglago at lilikha ng mga trabaho.



ISANG PATAS NA LIPUNAN: LUMILIKHA NG MGA OPORTUNIDAD PARA SA MGA TAGA ONTARIO

Lahat ng mga taga-Ontario ay may karapatan sa oportunidad na maabot ang lubos nilang potensiyal. Ang plano namin ay nakakatulong sa mga taong magtagumpay sa pamamagitan ng:

- Pagpapabuti sa mga serbisyo para sa mga bata at kabataang may autism sa pamamagitan ng limang-taong, \$333 milyong pamumuhunan.
- Pagbibigay sa mas maraming tao ng access sa sapat at abot-kayang pamamahay sa pamamagitan ng tatlong-taong pamumuhunan ng \$178 milyon, bilang bahagi ng Pangmatagalang-Panahong Istratehiya sa Abot-kayang Pamamahay (Long-Term Affordable Housing Strategy).
- Pagtatrabaho upang tapusin ang paulit-ulit na kawalan ng tirahan sa 10 taon.
- Pagtatapos sa karahasan laban sa Mga Katutubong kababaihan sa pamamagitan ng pangmatagalang-panahongistratehiya.
- Pagdagdag sa panlipunang tulong ng 1.5 porsiyento para sa mga adult na nakakatanggap ng Pagtatrabaho sa Ontario (Ontario Works) at mga taong may kapansanang umaasa sa Programa ng Ontario sa Suporta sa Kapansanan (Ontario Disability Support Program), na may pagpuno para sa mga may pinakamababang rate ng panlipunang tulong.



GINAGAWANG MAS ABOT-KAYA AT MAA-ACCESS ANG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD

Simula sa taon ng pag-aaral na 2017–18, ginagawang mas abot-kaya at maa-access ng Ontario ang edukasyon sa kolehiyo at unibersidad sa pamamagitan ng aming planong ihanda ang mas maraming mag-aaral para sa mga trabaho sa kinabukasan. Namumuhunan kami sa puwersa ng manggagawa ng bukas na may mataas na kahusayan ngayon sa pamamagitan ng:

- Pagbabago sa tulong sa mag-aaral para gawing libre ang karaniwang matrikula para sa mga mag-aaral na may pinansiyal na pangangailangan mula sa mga pamilya na ang kita ay \$50,000 o mas mababa, at ginagawang mas abot-kaya ang matrikula para sa mga middle-class na pamilya.
- Pagbibigay ng hindi muling babayaranang mga grant — na lalagpas sa karaniwang matrikula — sa mahigit sa 50 porsiyento ng mga mag-aaral mula sa mga pamilya na ang kita ay \$83,000 o mas mababa.
- Tinitiyak na ang mga mag-aaral mula sa mga pamilya na may kita na mas mababa sa
- \$50,000 ay walang utang ng mag-aaral mula sa lalawigan.
- Pagdagdag sa access sa walang-interes at murang mga utang para sa mga pamilya na nasa gitna- at mas mataas-ang kita.
- Pinalalawak ang pinansiyal na suporta pata sa mga mag-aaral na may-edad na at may asawa.
- Tinitiyak na lahat ng mga mag-aaral ay nasa pareho o mas mainam na kalagayan sa ilalim ng Pagbibigay ng Matrikula ng Ontario.
- Pagpapabuti sa access sa postsecondary na edukasyon at pagsasanay para sa mga mag-aaral ng First Nation, Métis at Inuit sa pamamagitan ng pagpapatuloy sa tatlong-taong, \$97 milyong pamumuhunan.

PINADADALI ANG PANG-ARAW-ARAW NA BUHAY

Ang balak namin ay ang pagpapadali ng pang-araw-araw na buhay para sa mga taga-Ontario sa pamamagitan ng pagpapababa sa mga gastos at pagpapahusay sa dali at pagpili sa pamamagitan ng:

- Pagbawas sa bayad sa paradahan sa ospital para sa mga madalas pumunta sa ospital sa mga ospital na sumisingil ng mahigit sa \$10 bawat araw.
- Pagtanggap sa bayaring \$30 Drive Clean na pagsusuri sa mga emisyon.
- Katipiran sa karaniwang gumagamit ng pang-bahay na koryente ng mga \$70 bawat taon sa pamamagitan ng pag-alis sa singil sa pagreretiro ng utang (debt retirement charge), mula Enero 1, 2016.
- Pagdadagdag sa kumbinyente at pagpili ng mamimili sa pamamagitan ng paglalagay ng alak, serbesa at cider sa mga tindahan ng grocery sa buong lalawigan.
- Pagpapababa sa gastos sa insurance ng sasakyan para sa mahigit sa 9.5 milyong tsuper ng Ontario.
- Pagtulong sa mga 37,000 pamilya na magsagawa ng mga pag-audit ng enerhiya at mga pag-retrofit ng mga tahanan nila sa pamamagitan ng Pondo para sa Pamumuhunan sa Kapaligiran, binabawasan ang mga bayarin nila sa enerhiya.
- Ginagawang libre ang pagbabakuna para sa shingles para sa mga nararapat na senior ng Ontario na nasa pagitan ng edad na 65 at 70 — makakatipid sila ng halos \$170.
- Pagbabawas ng oras ng pagbiyahe ay ginagawang mas kumbinyente ang pagbiyahe sa pamamagitan ng pagpapatupad sa Regional Express Rail, pinabubuti ang mga serbisyo ng GO Transit at patuloy na magpalabas ng sistema ng card ng pamasaha ng PRESTO sa Toronto transit.



LUMILIKHA NG MGA TRABAHO PARA NGAYON AT BUKAS

Ang plano ng Ontario ay ang paghahatid ng aming numero-unong proyoridad na palaguin ang ekonomiya at lumikha ng mga trabaho sa pamamagitan ng:

- Paggawa ng pinakamalaking pamumuhunan sa pampublikong inprastruktura sa kasaysayan ng Ontario — \$160 bilyon sa mahigit 12 taon — sinusuportahan ang mahigit sa 110,000 trabaho sa karaniwan, bawat taon.
- Pamumuhunan sa malilinis na teknolohiya para lumikha ng mga trabaho at labanan ang pagbabago ng klima.
- Pamumuhunan ng \$2.7 bilyon sa Pondo para sa Mga Trabaho at Kasaganaan (Jobs and Prosperity Fund) sa mahigit sa 10 taon, lumilikha at nagpapanatili ng mahigit sa 16,000 trabaho sa ngayon.
- Tinutulungan ang mag kompanyang mapalawak ang mga export at maging mas produktibo sa pamamagitan ng inisyal na tatlong-taong, \$30 milyong Istratehiya sa Patungong Pandaigdigang Export (Going Global Export Strategy).
- Pagpapataas sa pangdaigdigang pagiging kumpetitibo ng mga negosyo sa Ontario sa pamamagan ng limang-taong, \$400 milyong Inisyatibo sa Pagpapalago ng Negosyo (Business Growth Initiative).

MATUTO PA SA
ONTARIO.CA/BUDGET

TOLL FREE: 1-800-337-7222

TTY TOLL FREE: 1-800-263-7776